Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG SETYEMBRE 23, 2016 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | Pansamantalang Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | Konsehal |
| Kgg. Dennes M. Faner | - | -do- |
| Kgg. German S. Acosta | - | -do- |
| Kgg. Edezer M. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | -do- |
| Kgg. Enrico C. Villas | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Tulay M. Caring | - | IPs Representative |

**HINDI NAKADALO:**

Kgg. Ramon G. Magbanua -Pangalawang Punong Bayan- **O.B.**

x-----------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 16-09-105

**KAPASYAHANG PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PASASALAMAT AT PAGKILALA SA MGA KATEKISTA NG PAROKYA NINA SAN PEDRO AT SAN PABLO, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA KANILANG PAGSISIKAP AT PAGPUPUNYAGI NA MAIPALAGANAP ANG KATEKISMO AT SALITA NG DIYOS SA MGA KABATAAN TUNGO SA PAGPAPALAKAS AT PAGPAPATIBAY NG PANANAMPALATAYA NG BAWAT KRISTIYANONG KATOLIKO**

**"SAPAGKAT,** ang ating simbahang katoliko ay naniniwala na ang pananampalataya ay dapat nagsisimula sa tahanan at ang unang katekista ay ang mga magulang sapagkat sa murang edad ng isang bata ay dapat maimulat na sila sa turo at Salita ng Diyos;

**"SAPAGKAT,** bukod sa mga magulang mahalaga rin ang ginagampanan ng mga Katekista ng ating lokal na simbahan sa paghuhubog at pagpapa-unlad ng pananampalataya sa mga kabataan upang magsilbing gabay nila at sandata tungo sa buhay na matuwid, maayos at payapa at lumaking responsableng mamamayan ng lipunan;

**"SAPAGKAT,** ngayong buwan ng Setyembre na kung saan ipinagdiriwang ang Buwan ng Katekesis, marapat lang na mabigyan ng pagkilala, pasasalamat at parangal ang mga Katekista na naglaan ng kanilang panahon, talento at kakayanan na magturo ng Katekismo sa mga bata ng walang kapalit kung hindi ang layuning maipaabot ang aral ng Salita ng Diyos bilang tanda ng malakas na pananalig sa pangako ng Diyos ng buhay na walang hanggan; **kung kaya't dahil dito**

Scanned with CamScanner

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pasasalamat at pagkilala sa mga Katekista ng Parokya nina San Pedro at San Pablo, Bulalacao, Oriental Mindoro sa kanilang pagsisikap at pagpupunyagi na maipalaganap ang Katekismo at Salita ng Diyos sa mga kabataan tungo sa pagpapalakas at pagpapatibay ng *pananampalataya ng bawat Kristiyanong Katoliko;*

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal German S. Acosta na pinangalawahan ng lahat ng dumalo, ang kapasyahang ito ay ...

**PINAGTIBAY":** Setyembre 23, 2016, Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**DEXTER R. GONZALES**
Konsehal

**DENNES M. FANER**
Konsehal

**GERMAN S. ACOSTA**
Konsehal

**EDEZER F. ACERON**
Konsehal

**ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Konsehal

**EDWIN C. ACERON**
Konsehal

**TERESITA S. BANTUGAN**
Konsehal

**ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Brgy.

**TULAY M. CARING**
IPs Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Pansamantalang Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 09-29-2016

160926/PLP/jpc

Scanned with CamScanner